

 <b>PhilHealth</b> <i>Your Partner in Health</i>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2022-0014
	<b>Title</b>	<b><u>Full Financial Risk Protection for Filipino Health Workers Infected with COVID-19</u></b>

Tanong	Sagot
<b>1. Sino ang maaaring makinabang ng benepisyong ito?</b>	<p>1. Mga Filipinong doktor, nars, at iba pang propesyonal na nagsisilbi sa Pilipinas sa gitna ng COVID-19 pandemya.</p> <p>2. Mga manggagawang nagtatrabaho sa loob ng pasilidad gaya ng mga tagalinis, guwardiya, volunteer, at mga manggagawa mula sa mga Barangay at pampublikong opisina na namamahala sa COVID-19.</p> <p>Kung ang mga nabanggit ay nagkasakit ng COVID-19 na kumpirmado sa test, at nangangailangang ma-ospital, maaari silang ma-cover ng PhilHealth para sa benepisyong ito.</p>
<b>2. Ano ang babayaran ng PhilHealth ayon sa polisiyang ito?</b>	<p>Covered ng benepisyong ito ang mga direktang serbisyo sa paggagamot ng COVID-19. Kasama sa mga ito ay ang kwarto at pagkain, gamot, laboratoryo o “diagnostic”, mga supplies na kakailanganin ng pasyente at bayad sa professional fee ng doktor.</p>
<b>3. Ano ang mga hindi babayaran ng PhilHealth?</b>	<p>1. Mga gamot na hindi kasama sa Philippine National Formulary (PNF) maliban kung ito ay papayagang bayaran ng PhilHealth.</p> <p>2. Mga teknolohiyang pangkalusugan na walang rekomendasyon galing sa Health Technology Assessment Council (HTAC).</p>
<b>4. Ano ang kinakailangang pruweba para makakuha ng benepisyong ito?</b>	<p>Ang mga sumusunod na dokumento o papeles ang magsisilbing patunay para makuha ang benepisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Sertipiko ng appointment ng mga tauhan na nagtatrabaho sa isang pasilidad ng kalusugan;</li> <li>● Sertipikasyon mula sa health facility para sa mga security at utility personnel na nagtatrabaho sa kanilang ospital; o</li> <li>● Sertipiko ng deployment sa isang health facility mula sa otoridad, gaya ng provincial health officer, municipal health officer, city health officer, chief of hospital, , o hepe ng ahensya o awtorisadong kinatawan, kung naaangkop.</li> </ul>

